Lungsod at County ng San Francisco

Department of Public Health
(Departmento ng Pampublikong Kalusugan)
Kautusan ng Health Officer

KAUTUSAN NG HEALTH OFFICER (OPISYAL SA KALUSUGAN) Blg. C19-07b

KAUTUSAN NG HEALTH OFFICER
NG LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO NA NAG-UUTOS SA LAHAT NG INDIBDWAL NA NAKATIRA SA COUNTY NA PATULOY NA NA MANATILI SA KANI-KANILANG TINITIRHANG LUGAR, MALIBAN NA LAMANG SA MAHAHALAGANG PANGANGAILANGAN; PATULOY NA HINDI PAGSAMA SA KAUTUSAN SA MGA INDIBIDWAL NA HOMELESS O WALANG TIRAHAN, PERO HINIHIKAYAT ANG MGA AHENSIYA NG GOBYERNO NA PAGKALOOBAN SILA NG SHELTER O MASISILUNGAN AT MGA PASILIDAD PARA SA PAGHUHUGAS NG KAMAY; PAGKAKAROON NG MGA RESTRIKSIYON SA PAGGAMT SA MGA LUGAR PARA SA PAGLILIBANG; PAGTATAKDA SA MAHAHALAGANG NEGOSYO NA IPATUPAD ANG MGA DAPAT SUNDIN (PROTOCOL) SA SOCIAL DISTANCING; PAGLILINAW AT LALO PANG PAGLILIMITA SA MAHAHALAGANG GAWAIN SA NEGOSYO, KASAMA NA ANG KONSTRUKSIYON; AT PAG-UUTOS SA LAHAT NG OPERASYON NG MGA NEGOSYO AT GOBYERNO NA LALO PANG ITIGIL ANG HINDI KAILANGANG-KAILANGANG MGA OPERASYON

(SHELTER IN PLACE O PANANATILI SA TINITIRHANG LUGAR)
PETSA NG KAUTUSAN: Marso 31, 2020

Pakibasa nang maingat ang Kautusang ito. Ang paglabag, o ang kabiguang sundin ang Kautusang ito ay misdemeanor (maliit na paglabag sa batas) na maaaring maparusahan sa pamamagitan ng multa, pagkakakulong, o ng dalawang ito. (Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan o Health and Safety Code ng California § 120295 *at ang iba pang kasunod nito***; Kodigo Penal o Penal Code ng California §§ 69, 148(a)(1); at Kodigong Administratibo o Administrative Code ng San Francisco § 7.17(b))**

Buod: Lubos nang napatunayan na madaling maipasa ang virus na nagiging sanhi ng Sakit na Novel Coronavirus 2019 ("COVID-19"), lalo na kapag nagpapangkat-pangkat ang mga tao, at na posibleng maging malubhang-malubha ang sakit. Posibleng mangailangan ito ng mahahabang pagtigil sa ospital, at sa ilang pagkakataon, ay posibleng magdulot ng pangmatagalang kahihinatnan ng kalusugan o ng kamatayan. Posibleng maapektuhan nito, hindi lamang ang mga tao na alam nang nasa mataas na panganib, kundi pati na rin ang iba pang tao, anuman ang edad. Isa itong pandaigdigang pandemya, na nagdulot ng hindi pa nararanasan kailanman na pinsala sa lipunan, sa pakikisalamuha sa isa't isa ng mga tao, at sa ekonomiya. Upang mabawasan ang pinsala na dulot ng pandemya, naglabas noong Marso 16, 2020 ang Lungsod at County ng San Francisco, kasama na ang pangkat na binubuo ng lima pang county sa Bay Area, at ng Lungsod ng Berkeley, ng magkakasabay na kautusan ng mga opisyal ng kalusugan, na nag-uutos ng mga limitasyong shelter in place (pananatili sa tirahan) sa kabuuan ng Bay Area, kung saan itinatakda sa lahat na manatiling ligtas sa bahay, maliban na lamang para sa ilang mahahalagang pangangailangan. Magmula noon, sumama na rin ang iba pang hurisdiksiyon sa Bay Area, at sa wakas, ang Estado, sa pagpapatibay ng mga kautusan na manatiling ligtas sa bahay. Mukhang nagsisimula nang magkaroon ng positibong epekto ang ating kolektibong pagsusumikap. Gayon pa man, hindi pa rin napipirmi ang porsiyento ng mga nahahawa ng sakit, at marami pang pangangailangan ang dapat maisagawa upang mapabagal ang pagkalat ng sakit (na tinutukoy sa Ingles na flattening the curve).

Wala pang epektibong gamot o lunas para sa sakit, nananatili pa ring may mga limitasyon ang kakanyahan sa pagte-test (pagsusuri kung may sakit) bagamat humusay na ito, at patuloy pa ring nasa panganib ang sistema ng healthcare (pangangalaga sa kalusugan) ng San Francisco na dumating sa punto na mahihirapan na ito sa pagtugon sa dami ng kaso. Bunga ng mga dahilang to, mahalagang pahabain ng San Francisco, hindi lamang ang tagal ng kautusan nitong manatili sa bahay, kundi lalo pang limitahan ang mahahalagang gawin at palawakin ang mga itinatakda sa social distancing sa labas ng tahanan.

Pinapalitan ng bagong Kautusan na ito ang nauna nang kautusan na shelter in place noong Marso 17, 2020. Simula sa hatinggabi ng Marso 31, 2020, kailangang istriktong sumunod ang lahat ng tao at negosyo sa San Francisco sa bagong Kautusan na ito. Pinalalawak at hinihigpitan ng bagong Kautusang ito ang mga restriksiyon sa pananatiling ligtas sa bahay nang may dagdag na 26 araw, hanggang sa Mayo 3, 2020. Gayon pa man, patuloy na maingat na susubaybayan ng Health Officer (Opisyal sa Kalusugan) ang nagbabagong sitwasyon at posibleng palitan ang petsang ito.

Sa pangkalahatan, sa ilalim ng Kautusang ito, mananatiling ipinagbabawal ang pagtitipon-tipon ng mga indibidwal na nasa labas ng kanilang kabahayan o tinitirhang unit, na may limitadong eksepsiyon para sa mahahalagang gawain o mahahalagang pagbibiyahe o sa paggampan ng trabaho para sa mahahalagang negosyo at ahensiya ng gobyerno. Kailangang manatiling sarado para sa anumang pagtitipon ang mga bar, nightclub, teatro, at sinehan, at iba pang lugar para sa kasiyahan o entertainment. Kailangang manatiling sarado ang mga restawran, cafe, coffee shop, at iba pang pasilidad na nagsisilbi ng pagkain—anuman ang kapasidad ng mga upuan nila—maliban na lamang kung para sa take-out at serbisyo sa pagdedeliber. Kailangang manatiling sarado ang lahat ng gym at fitness studio. Kailangang manatiling sarado ang lahat ng hair at nail salon. Mananatiling bukas ang mga pasilidad na nagbebenta ng pagkain at nagkakaloob ng pangangalaga sa kalusugan, ayon sa pinahihntulutan ng Kautusang ito at ng iba pang kautusan ng Health Officer. Patuloy na hindi sakop ang mga indibidwal na homeless o walang tirahan sa kautusang ito na shelter in place, pero patuloy ding hinihikayat ang mga ahensiya ng gobyerno na gawin ang mga kinakailangang hakbang upang mabigyan ng matutuluyan ang mga indibidwal na ito.

Gumagawa ang Kautusang ito ng ilang malalaking rebisyon sa naunang kautusan, kasama na ang limang pangkat ng pagbabago na ito. (1) Kapag umaalis ang mga tao sa kanilang tirahan ayon sa ipinahihintulot ng Kautusang ito, iniuutos sa kanila, sa karamihan sa mga sitwasyon, na istriktong sumunod sa mga nakatakdang Mga Kinakailangang Gawin para sa Social Distancing (pisikal na paglalayo sa iba upang maiwasan ang pagkakahawa sa sakit) o Social Distancing Requirements, kapag nagkakaroon ng interaksiyon sa sinumang nasa labas ng kanilang kabahayan. (2) Lalo pang limitado ang mga gawain para sa paglilibang sa labas ng gusali (outdoor recreation) at dapat sarado ang karagdagang mga pasilidad para sa paglilibang. Hindi puwedeng lumahok ang mga tao sa mga gawain sa labas ng gusali kung saan marami ang gumagamit ng magkakaparehong equipment, tulad ng frisbee, soccer, o basketball, kasabay ng paggamit ng sinumang tao sa labas ng sarili nilang kabahayan o tinitirhang unit, at kailangang sarado ang mga lugar kung saan ginagamit ng marami o shared ang equipment at pasilidad, tulad ng mga playground, lugar para sa pagpipiknik, parke ng aso, golf course, tennis court, at pool. Upang maiwasan ang siksikan o pagsasama-sama, posibleng pagtibayin ng San Francisco ang dagdag na mga restriksiyon sa paggamit ng mga parke at pagpunta sa dalampasigan, kasama na ang posibleng pagsasara. (3) Kung ano-anong negosyo ang itinuturing na Mahahalagang Negosyo (Essential Businesses) ay lalo pang nililinaw at nililimitahan. Kailangang magkaroon ng pinakamaraming posibleng bilang ng mga empleyadong nagtatrabaho mula sa bahay ang mahahalagang negosyo, at kailangang pababababain ang dami ng mga operasyong hindi itinuturing na mahalaga sa pangkalahatan. Puwede lamang patuloy na magkaroon ng mga operasyon ang mga negosyong nagbebenta ng pagkain, groseriya, o produkto sa paglilinis na may kasamang hindi mahahalagang produkto, kung ang mga kinakailangang produkto na ibinibenta ay malaking bahagi ng kanilang negosyo. Mayroon ding bagong itinatakda na kailangang maghanda, magpaskil, at magpatupad ang bawat Mahalagang Negosyo, tulad ng bangko, groseriya, botika, o restawrang bukas para sa take-out o pagdedeliber ng nakasulat na protocol o mga dapat sundin, sa form na nakakabit sa Kautasan, at naiayon para sa negosyong iyon, at nang maprotektahan ang mga kostumer at empleyado sa pamamagitan ng itinatakdang pangangailangan para sa social distancing. At ang mga Negosyong nagsu-supply ng mga produktong kailangan

upang makapagtrabaho sa bahay ang mga tao ay hindi na Mahahalagang Negosyo sa ilalim ng Kautusan, at kailangang isarado ang mga bukas na tindahan sa publiko sa San Francisco. (4) Bukod sa patuloy na paghihikayat sa mga ahensiya ng gobyerno na magkaloob ng matutuluyan sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tirahan, hinihikayat ng Kautusan ang mga ahensiya ng gobyerno at iba pang tagabigay ng serbisyo na gumawa ng mga hakbang upang maprotektahan ang populasyon ito, kasama na ang pagtatakda ng social distancing sa mga shelter at iba pang pasilidad, pagkakaloob ng panlinis ng kamay sa mga indibidwal na nananatiling walang natutuluyan, at pagtitiyak ng 12 talampakan (feet) X 12 talampakan na paglalayo sa mga tent na nasa kampuhan. (5) Itinatakda ng Kautusan na iyon lamang ilang limitadong uri ng konstruksiyon ang pinahihintulutang magpatuloy, kasama na ang mga proyekto sa pangangalaga ng kalusugan na direktang may kinalaman sa pagtugon sa pandemyang COVID-19, mga proyektong pabahay at mixed-use (magkahalo ang gamit) kung saan may kasamang hindi bababa sa 10% abot-kayang pabahay, mga proyektong nagkakaloob ng mga serbisyo sa bulnerableng mga populasyon, mga proyektong kinakailangan upang mapanatili ang kaligtasan, sanitasyon, at pagiging natitirhan ng mga residensiya at komersiyal na gusali; at konstruksiyong kinakailangan upang matiyak ang kaligtasan ng naririyan nang lugar ng konstruksiyon na dapat magsara. Posibleng maglabas ng gabay ang Health Officer na nagtatakda sa pagkakaroon ng mga plano para sa kalusugan at kaligtasan na espesipiko sa lugar ng konstruksiyon. Itinatakda rin ng Kautusan na limitahan ng San Francisco ang konstruksiyon ng mga pampublikong imprastraktura o public works sa mahahalagang proyekto para sa pampublikong imprastraktura, ayon sa pagpapasya ng City Administrator (Administrador ng Lungsod), nang may konsultasyon sa Health Officer. Ipinagbabawal ang lahat ng iba pang konstruksiyon.

Nililinaw ng Kautusang ito ang epekto ng lokal na kautusan kauganay ng kautusang manatili sa bahay na para sa kabuuan ng estado. At kasama sa Kautusang ito ang ilang iba pang mahahalagang paglilinaw at restriksiyon sa mga gawain, ayon sa pagkakapahayag ng lahat ng ito sa ibaba. Puwedeng baguhin ng Health Officer ang Kautusang ito habang nagbabago ang sitwasyon, at kailangang manatiling may pinakabagong impormasyon ang mga pasildad, sa pamamagitan ng regular na pagtingin sa website ng City Administrator (www.sfgsa.org).

Bukod sa pagpapahaba at pagpapalit sa Kautusan Bilang C19-07 (shelter in place o pananatili sa tirahan), na inilabas noong Marso 16, 2020, pinahahaba rin ng Kautusang ito ang mga Order Blg. C19-01b (pagbabawal sa mga bisita sa Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center at Unit 4A ng Zuckerberg San Francisco General Hospital), C19-03 (pagbabawal sa mga bisita sa mga espespikong residensiyal na pasilidad), C19-04 (pagtatakda ng mga pamantayan sa paglilisinis sa mga residensiyal nal hotel), C19-06 (pagbabawal sa mga bisita sa general acute care hospitals o mga ospital para sa pangkalahatang pangangalaga na pangmaiksing panahon at acute psychiatric hospitals o mga saykayatrikong ospital na para sa pangmaiksing panahon), C19- 08 (pagbabawal sa karamihan sa mga karaniwang pakikipagkita at elective surgery o abanteng nakaplano o hindi pang-emergency na operasyon, at paghihikayat ng pagdedeliber ng mga iniresetang gamot at produktong cannabis), C19-09 (pagbabawal sa mga bisita sa mga paslidad para sa residensiyal na pangangalaga sa matatanda, adult residential facilities o mga residensiyal na pasilidad para sa nasa sapat na gulang, at residensiyal na pasilidad sa may karamdamang hindi gumagaling), C19-10 (nagtatakda ng pagrereport ng mga laboratoryo ng impormasyon ukol sa COVID-19 testing), at C19-11 (paglalagay sa Laguna Honda Hospital at Rehabilitation Center sa ilalim ng protektbong pagkakakuwarantenas) hanggang sa 11:59 p.m. sa Mayo 3, 2020, nang nananatiling ipinatutupad ang mga nakalistang kautusang ito, kung hindi man mababago.

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG KODIGO SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA MGA SEKSIYON 101040, 101085, AND 120175, IPINAG-UUTOS NG HEALTH OFFICER O OPISYAL SA KALUSUGAN NG LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FANCISCO ("HEALTH OFFICER O OPISYAL SA KALUSUGAN)":

1. **Pinapalitan ng Kautusang ito ang Kautusan ng Health Officer noong Marso 16, 2020 na nagtatakda sa lahat ng indibidwal na mag-shelter in place o manatili sa tirahan (ang "Prior Shelter Order o Nauna nang Kautusan sa Pagse-shelter"). Nililinaw, pinagtitibay, at pinahahaba ng Kautusang ito ang ilang patakaran sa**

Nauna ang Kautusan sa Pagse-shelter (Prior Shelter Order) upang higitan pa ang social distancing (pisikal na paglalayo sa iba upang maiwasan ang pagkakahawa sa sakit) at bawasan ang kontak na tao-sa-tao, at sa gayon, lalo pang mapabagal ang transmisyon, o ang paglilipat mula sa isang tao tungo sa isa pa, ng Novel Coronavirus Disease 2019 ("COVID-19"). Sa petsa at oras ng pagpapatupad ng Kautusang ito, ayon sa nakasaad sa Seksiyon 16 sa ibaba, itinatakda sa lahat ng indibidwal, negosyo, at ahensiya ng gobyerno sa Lungsod at County ng San Francisco ("ang County") na sundin ang mga probisyon ng Kautusang ito.

2. Layunin ng Kautusang ito na tiyakin na mananatili sa kani-kanilang tinitirhang lugar ang pinakamaraming posibleng bilang ng tao, hanggang sa pinakamalawak na posibleng maipatupad, at nang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 at mabawasan ang epekto nito sa paghahatid ng kritikal na mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa mga nangangailangan. Kailangang gawan ng interpretsyon ang lahat ng probisyon sa Kautusang ito upang maisakatuparan ang intensiyong ito. Ituturing ang kabiguang sumunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito bilang napipintong banta at panganib sa pampublikong kalusugan, pagiging panggulo sa publiko o public nuisance, at posibleng maparusahan ito sa pamamagitan ng pagmumulta, pagkakakulong, o ng dalawang ito.

3. Iniuutos sa lahat ng indibidwal na kasalukuyang nakatira sa County na mag-shelter sa kani-kanilang tinitirhang lugar. Puwede lamang silang umalis sa kanilang tirahan para sa Mahahalagang Aktibidad (Essential Activities), Mahahalagang Gawain ng Gobyerno (Essental Government Functions), kasama na ang Mahahalagang Pagbibiyahe (Essential Travel), upang magtrabaho para sa Mahahalagang Negosyo (Essential Businesses), o para sa pagsasagawa ng Pinakakaunti nang Posibleng mga Batayang Operasyon (Minimum Basic Operations) na para sa hindi kailangang-kailangan na mga negosyo, ayon sa pagbibigay-depinisyon sa Seksiyon 13. Hindi kasama sa Seksiyong ito ang mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan, pero mahigpit silang hinihikayat ng kumuha ng matutuluyan, at mahigpit na hinihikayat ang gobyerno at iba pang entidad, na magpagamit ng gayong matutuluyan, sa lalong madaling panahon, at magkaloob ng mga pasilidad para sa paghuhugas ng kamay o pagtatanggal ng mikrobyo sa kamay o hand sanitation, sa mga tao na patuloy na nakararanas ng kawalan ng tahanan.

4. Kung kailangang umalis ang mga tao sa kanilang tinitirhang lugar para sa mga limitadong layunin na pinahihintulutan ng Kautusang ito, kailangang mahigpit silang sumunod sa Mga Kinakailangang Gawin para sa Social Distancing, ayon sa pagbibigay ng depinisyon sa Seksiyon 13.k, maliban na lamang kung malinaw na nakasaad sa Kautusang ito.

5. Itinatakda sa lahat ng negosyong may pasilidad sa County, maliban na lamang sa Mahahalagang Negosyo, ayon sa pagbibigay-depinisyon sa Seksiyon 13.f, na ihinto ang lahat ng aktibidad sa mga pasilidad na matatagpuan sa County, maliban na lamang sa Pinakakaunti nang Posibleng mga Batayang Operasyon, ayon sa pagbibigay-depinisyon sa Seksiyon 13.g. Para sa paglilinaw, puwedeng magpatuloy ang mga negosyo ng mga operasyon na eksklusibong binubuo ng mga may-ari, empleyado, boluntaryo, o kontratista na nagsasagawa ng mga aktibidad sa kani-kanilang tirahan (kung baga, pagtatrabaho sa bahay o working from home). Mahigpit na hinihikayat na manatiling bukas ang Mahahalagang Negosyo. Gayon pa man, ipinag-uutos sa Mahahalagang Negosyo na magkaroon ng pinakamaraming posibleng empleyado na nagtatrabaho mula sa bahay. Iyon lamang mga empleyadong hindi makagagampan ng kanilang mga tungkulin sa trabaho sa bahay ang puwedeng italaga ng Mahahalagang Negosyo na magtrabaho sa labas ng tirahan. Kailangang maghanda, magpaskil, at magpatupad ng Mga Dapat Gawin para sa Social Distancing (Social Distancing Protocol) ang lahat ng Mahahalagang Negosyo sa bawat isa sa kanilang mga pasilidad kung saan pinananatili nila ang mga operasyon, ayon sa espesipikong nakasaad sa Seksiyon 13.h. Hanggang sa makakayanan, kailangang bawasan ng mga negosyong may kasamang bahagi na Mahalagang Negosyo sa kani-kanilang pasilidad, ang kanilang mga operasyon tungo sa Mahalagang Negosyo lamang; gayon pa man, may kondisyon ito, na ang mga negosyong mixed retail (iba't iba ang ibinebenta), na kung hindi man

ay pinahihintulutang magkaroon ng mga operasyon sa ilalim ng Kautusang ito, ay puwedeng patuloy na mag-stock at magbenta ng hindi mahahalagang produkto. Kailangang sundin ng Mahahalagang Negosyo ang gabay na espesipiko sa industriya kaugnay ng COVID-19, na inilabas ng Health Officer.

6. Ipinagbabawal ang lahat ng pampubliko at pribadong pagtitipon ng anumang bilang ng mga tao na magaganap sa labas ng pang-isang pamilyang kabahayan (single household) o tinitirhang unit, maliban na lamang sa limitadong layunin na malinaw na pinahihintulutan sa Kautusang ito. Walang nakasaad sa Kautusang ito na nagbabawal sa mga miyembro ng pang-isang pamilyang kabahayan o tinitirhang unit sa paglahok nang magkakasama para sa Mahalagang Pagbibiyahe o Mahahalagang Aktibidad.

7. Ipinagbabawal ang lahat ng pagbibiyahe, kasama na ang pagbibiyahe nang naglalakad, nagbibisikleta, nag-iiscooter, nagmomotorsiklo, nagkokotse, o sumasakay sa pampublikong transportasyon, ngunit hindi nalilimitahan sa mga ito, maliban na lamang sa Mahahalagang Pagbibiyahe, ayon sa pagbibigay-depinisyon sa ibaba sa Seksiyon 13.i. Puwede lamang gumamit ang mga tao ng pampublikong transportasyon para sa layunin ng pagpapatupad ng Mahahalagang Aktibidad o para sa pagbibiyahe papunta at mula sa trabaho upang mapatakbo ang Mahahalagang Negosyo, mapanatili ang Mahahalagang Gawain ng Gobyerno, o magpatupad ng Pinakakaunti nang Posibleng mga Batayang Operasyon sa hindi mahalagang-mahalaga na mga negosyo. Kailangang sumunod ang mga ahensiyang pantransportasyon at mga taong sumasakay sa pampublikong transportasyon sa Mga Kinakailangang Gawin para sa Social Distancing, ayon sa pagbibigay-depinisyon sa Seksiyon 13.k, hanggang sa pinakaposibleng magagawa ito. Pinahihintulutan ng Kautusang ito ang pagbibiyahe papasok at palabas ng County para lamang sa pagpapatupad ng Mahahalagang Aktibidad, pagpapatakbo ng Mahahalagang Negosyo, pagpapanatili sa Mahahalagang Gawain ng Gobyerno, o pagsasagawa ng Pinakakaunti nang Posibleng mga Batayang Operasyon sa hindi mahalagang-mahalaga na mga negosyo.

8. Inilalabas ang Kautusang ito batay sa ebidensiya ng mas maraming pagkakaroon ng kaso ng COVID-19 sa loob ng County at sa kabuuan ng Bay Area, siyentipikong ebidensiya, at pinakamahuhusay na mga gawain ukol sa pinakaepektibong mga pamamaraan upang mapabagal ang pagkalat ng nakahahawang mga sakit sa pangkalahatan, at ng COVID-19, sa espesipikong pagtukoy, at sa ebidensiya na ang edad, kondisyon, at kalusugan ng malaking bahagi ng populasyon ay naglalagay dito sa panganib na magkaroon ng malulubhang komplikasyon sa kalusugan, kasama na ang pagkamatay, mula sa COVID-19. Dahil sa pagkalat ng sakt na COVID-19 sa pangkalahatang publiko, kung saan isa na itong pandemya ayon sa World Health Organization (Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan), mayroon nang pampublikong emergency sa kalusugan sa kabuuan ng County. Pinalalala pa ang problema dahil walang sintomas o kakaunti lamang ang sitomas ng ilang indibidwal na nakakuha ng virus na nagsasanhi ng sakit na COVID-19, kung kaya't nangangahulugan ito na posibleng hindi nila alam na taglay na nila ang virus at nakakalat na nila ito sa ibang tao. Dahil puwedeng ikalat ang impeksiyon kahit na ng mga tao na walang sintomas, at dahil ipinapakita ng ebidensiya na madaling kumalat ang impeksiyon, posibleng magresulta ang mga pagtitipon at iba pang interpersonal na interaksiyon sa maiiwasang pagkalat ng virus. Malaki na ang naging paglala ng pampublikong emergency na ito sa kalusugan simula nang maglabas ang County ng Nauna nang Kautusan sa Pagse-shelter noong Marso 16, 2020, dahil sa malaking pagtaas sa bilang ng mga positibong kaso, pagpapa-ospital, at pagkamatay, at lalo pang pagdudulot ng hirap sa mga rekurso para sa pangangalaga ng kalusugan. Sa panahon ding ito, ipinahihiwatig ng ebidensiya na pinababagal ng mga restriksiyon sa pagpunta ng tao sa iba't ibang lugar at ng mga itinakda ukol sa social distancing, na ipinag-utos ng Nauna nang Kautusan sa Pagse-shelter, ang bilis ng pagtaas ng pagkalat ng sakit sa komunidad at ang dami ng kumpirmadong kaso, sa pamamagitan ng paglilimita sa interaksyon ng mga tao, at katulad ito ng siyektipikong ebidensiya ukol sa pagiging epektibo ng katulad na mga hakbang sa iba pang bahagi ng bansa at ng daigdig. Ipinapakita ng siyentipikong ebidensiya na sa yugtong ito ng emergency, nananatiling mahalaga na pabagalin ang transmisyon o paglilipat-lipat sa tao ng virus hanggang sa maaari, at nang

maprotektahan ang pinakabulnerable, at sa gayon, ay maiwasan na lubusang mabigatan ang sistema para sa pangangalaga ng kalusugan, at para maiwasan ang mga pagkamatay. Kailangan ang pagpapahaba ng Nauna nang Kautusan sa Pagse-shelter at pagpapatibay sa mga restriksiyon nito upang lalo pang mabawasan ang pagkalat ng sakit na COVID-19, at sa gayon, mapanatili ang mahalaga at limitadong kapasidad sa pangangalaga ng kalusugan ng County, at makasulong tungo sa sitwasyon sa pampublikong emergency sa kalusugan, kung saan nako-kontrol na ang pagkalat ng sakit.

9. Inilabas din ang Kautusang ito, dahil sa pagkakaroon, sa petsang Marso 29, 2020, ng 848 kaso ng COVID-19 sa County, pati na rin ng hindi bababa sa 2,092 kumpirmadong kaso (na tumaas na mula sa 258 kumpirmadong kaso noong Marso 15, 2020, bago ang Nauna nang Kautusan ukol sa Pagse-Shelter), at hindi bababa sa 51 pagkamatay (na tumaas na mula sa tatlong pagkamatay noong Marso 15, 2020) sa pitong hurisdiksiyon sa Bay Area na magkakasamang naglabas sa Kautusang ito, kasama na ang malaki at tumataas pang bilang ng pinagsususpetsahang kaso ng pagkalat sa komunidad, at mas malamang na lalo pang mas malalaking pagtataas ng transmisyon o paglilipat-lipat sa tao ng sakit. Kinakailangan ang kautusang ito upang mapabagal ang bilis ng pagkalat, at muling gagawan ito ng ebalwasyon ng Health Officer kapag nagkaroon na ng makukuhang iba pang datos.

10. Inilalabas ang Kautusan ito nang naaayon sa, at nang isinasama bilang sanggunian, ang Proklamasyon ng Kalagayan ng Emergency (Proclamation of a State of Emergency) noong Marso 4, 2020, na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, ang Ehekutibong Kautusan o Executive Order (Ehekutibong Kautusan N-25-20) noong Marso 12, 2020 na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, ang Proklamasyon ng Alkalde na Nagdedeklara ng Pagkakaroon ng Lokal na Emergency (Proclamation by the Mayor Declaring the Existence of a Local Emergency) noong Pebrero 25, 2020 na inilabas ni Mayor London Breed, na nadagdagan pa noong Marso 11, 2020, ang Deklarasyon ng Lokal na Emergency sa Kalusugan Ukol sa Novel Coronavirus 2019 (Declaration of Local Health Emergency Regarding Novel Coronavirus 2019) (COVID-19) noong Marso 6, 2020, na inilabas ng Health Officer, at ang gabay na inilabas ng Department of Public Health ng California, ayon sa pagkakagawa sa mga ito, at sa posibleng pagdaragdag pa sa mga ito.

11. Inilalabas ang Kautusang ito dahil sa ebidensiya na sa pangkalahatan ay naging epektibo ang Nauna nang Kautusan ukol sa Pagse-shelter upang higit na magkaroon ng social distancing, pero sa panahon ngayon, kailangan na ng karagdagang mga restriksiyon upang lalo pang mabawasan ang bilis ng paglilipat-lipat sa tao ng COVID-19, maiwasan na lubusang mahirapan ang sistema ng pangangalaga sa kalusugan hanggang sa puntong hindi na nito makayanan ang sitwasyon, at mapigilan ang pagkamatay ng mga tao. Ginawa ang Kautusang ito matapos ang paglalabas ng malakihang gabay mula sa Health Officer ng County, sa Centers for Disease Control and Prevention, at sa California Department of Public Health, at mula sa iba bang pampublikong opisyal sa kalusugan sa kabuuan ng Estados Unidos at sa iba't ibang panig ng mundo, kasama na ang dumaraming bilang ng mga kautusan na nagtatakda ng katulad na mga kinakailangan para sa social distancing at restriksiyon sa pagpunta sa iba't ibang lugar, at nang malabanan ang pagkalat at pinsala ng COVID-19. Patuloy na susuriin ng Health Officer ang mabilis na nagbabagong sitwasyon at posibleng baguhin o palawigin ang Kautusang ito, o maglabas ng karagdagang mga Kautusan, kaugnay ng COVID-19, batay sa itinatakda ng nagbabagong mga sitwasyon.

12. Inilalabas din ang Kautusang ito nang dahil sa Kautusan ng Pampublikong Health Officer ng Estado noong Marso 19, 2020 (ang "Kautusan sa Pagse-shelter ng Estado o State Shelter Order"), na nagtatakda ng batayang gabay para sa mga restriksiyon sa kabuuan ng estado ukol sa mga gawain ng hindi residensiyal na negosyo, na may bisa hanggang sa magkaroon ng iba pang abiso, at dahil din sa Ehekutibong Kautusan N-33-20 ng Gobernador noong Marso 19, 2020, na nag-uutos sa mga residente ng California na sundin ang Kautusan sa Pagse-shelter ng Estado. Ang Kautusan sa Pagse-shelter ng Estado ay naaayon sa Nauna nang Kautusan sa Pagse-shelter. Pinagtitibay ng Kautusang ito, sa ilang kaparaanan, ang mas

restriksiyong tumutugon sa mga partikular na facts o katunayan at sitwasyon sa County na ito, na kinakailangan upang makontrol ang pampublikong emergency sa kalusugan habang nagbabago ito sa loob ng County at sa Bay Area. Kung wala ang naka-angkop na pangkat na mga restriksiyon na lalo pang magbabawas sa mga interaksiyon sa pagitan ng mga tao, ipinapakita ng siyentipikong ebdensya na lalala ang pampublikong krisis sa kalusugan sa County sa punto na posibleng sakupin na nito ang nakukuhang mga rekurso sa pangangalaga ng kalusugan sa loob ng County, at posible ring tumaas ang bilang ng mga namamatay. Bukod rito, inililista rin ng Kautusan ang karagdagang mga restriksiyon sa pagbibiyaheng hindi kaugnay ng trabaho, at hindi sakop ng Kautusan sa Pagse-Shelter ng Estado, kasama na ang paglilimita sa gayong pagbibiyahe para sa pagganap ng Mahahalagang Pagbibiyahe o Mahahalagang Aktibidad; nagtatakda ng ipinag-uutos na Mga Kinakailangang Gawin para sa Social Distancing na para sa lahat ng indibidwal sa County kapag nagsasagawa ng mga aktibidad sa labas ng kani-kanilang tirahan; at nagdaragdag ng mekanismo upang matiyak na sumusunod ang Mahahalagang Negosyo sa Mga Kinakailangang Gawin para sa Social Distancing. Kung mayroong pagkakasalungat sa pagitan ng Kautusang ito at ng anumang kautusan ng estado ukol sa pampublikong kalusugan kaugnay ng pandemyang COVID-19, ang mas mahigpit na probisyon ang mas makapangyayari. Anumang iba pang mas mahihigpit na hakbang sa Kautusang ito ay ipatutupad at may kontrol sa County na ito, at naaayon ito sa Kodigo sa Kaligtasan at Kalusugan (Health and Safety Code) ng California seksiyon 131080 at sa Gabay ng Opisyal sa Kalusugan sa Pagganap para sa Pagkontrol ng Nakahahawang Sakit sa California (Health Officer Practice Guide for Communicable Disease Control in California), maliban na lamang sa bahagi kung saan puwedeng maglabas ang Health Officer ng Estado ng kautusan na malinaw na nakatuon sa Kautusang ito at batay sa pagpapasya na may probisyon sa Kautusang ito na bumubuo ng panganib sa pampublikong kalusugan.

13. <u>Mga Depinisyon at Eksempsiyon.</u>

a. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, puwede lamang umalis sa kani-kanilang tirahan ang mga indibidwal upang magsagawa ng mga sumusunod na "Mahahalagang Aktibidad." Gayon pa man, mahigpit na hinihikayat ang mga tao na mataas ang panganib na magkaroon ng malalang sakit mula sa COVID-19, at ang mga tao na may sakit, na manatili sa kanilang tirahan hanggang sa posibleng magagawa nila ito, maliban na lamang kung may pangangailangang kumuha o magkaloob ng medikal na pangangalaga o magpatupad ng Mahahalagang Gawain ng Gobyerno. Ang Mahahalagang Aktibidad ay ang mga sumusunod:

   i. Paglahok sa mga aktibidad o pagpapatupad ng mga gawaing mahalaga para sa kanilang kalusugan at kaligtasan, o para sa kalusugan at kaligtasan ng kanilang pamilya o miyembro ng kabahayan (kasama na ang mga alagang hayop), tulad nang pagkuha ng medical supplies o gamot, o pagbisita sa health care professional, na ilang halimbawa lamang, at nang walang limitasyon.

   ii. Pagkuha ng kinakailangang serbisyo o supplies para sa sarili o sa kanilang pamilya o miyembro ng kabahayan o para ihatid ang mga serbisyo o supplies sa iba, tulad ng de-lata, dry goods, sariwang prutas at gulay, pet supply, sariwang karne, isda at manok, at anumang iba pang pangkabahayang produkto ng konsumer, mga produktong kailangan upang makapagtrabaho mula sa bahay, o mga produktong kailangan upang mapanatili ang pagiging napaninirahan, sanitasyon, at operasyon ng tirahan, na ilang halimbawa lamang at nang walang limitasyon.

   iii. Paglahok sa gawain para sa paglilibang sa labas, kasama na ang paglalakad, pagha-hiking, pagbibisikleta, at pagtakbo, nang sinusunod ang Mga Kinakailangang Gawin para sa Social

Distancing, na ilang halimbawa lamang, at nang may mga sumusunod na limitasyon:

1. **Kinakailangang alinsunod ang mga gawain para sa paglilibang sa labas na isinasagawa sa mga parke, dalampasigan, at iba pang bukas na espasyo sa anumang mga restriksiyon sa pagpunta at paggamit na itinakda na ng Health Officer, gobyerno, o iba pang entidad na namamahala sa gayong lugar, at nang mabawasan ang siksikan at ang panganib ng paglilipat-lipat sa tao ng COVID-19. Posibleng kasama sa gayong mga restriksiyon, ang paglilimita sa bilang ng mga pumapasok, pagsasarado sa lugar sa pagpasok at pagparada ng mga sasakyan, o pagsasara sa lahat ng paggamit ng publiko, bagamat hindi nalilimitahan sa mga ito;**

2. **Ang pagbabawal sa paggamit sa mga lugar para sa paglilibang na may high-touch equipment (mga kagamitang madalas nahahawakan), o na naghihikayat ng pagtitipon, kasama na ang mga playgound, kagamitan sa outdoor gym, lugar para sa pagpipiknik, parke ng mga aso, at lugar para sa pagba-barbecue, bagamat hindi nalilimitahan sa mga ito; at isasara ang lahat ng gayong lugar sa paggamit ng publiko, kasama na ang pagkakabit ng mga karatula, at ayon sa naaangkop, ng mga pisikal na hadlang;**

3. **Ang pagbabawal sa paggamit ng shared facilities (mga pasilidad na ginagamit ng marami) na para sa paglilibang at nasa labas ng mga tirahan, kasama na ang mga golf course, tennis at pickle ball court, rock park, climbing wall, pool, spa, shooting at archery range, gym, disc golf at basketball court, bagamat hindi nalilimitahan sa mga ito, at kailangang isara ang mga lugar na ito para sa layunin ng paglilibang, kasama na ang pagkakabit ng mga karatula, at ayon sa naaangkop, ng mga pisikal na hadlang; Puwedeng mabago ang layunin ng gayong mga pasilidad dahil sa emergency, at nang makapagbigay ng mahahalagang serbisyo na kinakailangan upang matugunan ang pandemyang COVID-19; at**

4. **Puwede lamang lumahok sa sports o aktibidad na gumagamit ng shared equipment (kagamitang ginagamit ng marami) ang mga miyembro ng iisang kabahayan o tinitirhang unit.**

iv. **Paggawa ng trabaho para sa Mahalagang Negosyo, o kundi hindi, ang pagganap sa mga aktibidad na espisipikong pinahihintulutan sa Kautusan na ito, kasama na ang Pinakakaunti nang Posibleng mga Batayang Operasyon, ayon sa pagbibigay-depinisyon sa Seksyon na ito.**

v. **Pagkakaloob ng kinakailangang pangangalaga para sa miyembro ng pamilya o alagang hayop na nasa ibang kabahayan na wala nang iba pang mapagkukunan ng pangangalaga.**

vi. **Pagdalo sa libing kung saan hindi lalampas sa 10 indibdwal ang naroroon.**

vii. **Paglilipat ng tirahan, pero sa mga sitwasyon lamang na hindi na posibleng ipagpaliban pa ang nakaplano nang paglilipat, o kung kinakailangan ang paglilipat dahil sa kaligtasan, sanitasyon, o pagiging natitirhan na mga katwiran, o kung kinakailangan ang paglilipat upang mapanatili ang pagkakaroon ng matutuluyan. Kung lilipat papasok o palabas ng**

rehiyon ng Bay Area, mahigpit na hinihikayat sa mga indibidwal na magkuwarentenas sa loob ng 14 araw. Upang makapagkuwarentenas, kailangang sundin ng mga indibidwal ang gabay ng United States Centers for Disease Control and Prevention.

b. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, puwedeng iwan ng mga indibidwal ang kanilang tirahan upang magtrabaho, magboluntaryo, at kumuha ng mga serbisyo sa "Healthcare Operations (Mga Operasyon para sa Pangangalaga ng Kalusugan)," kasama na ang mga ospital, klinika, lugar para sa pagte-test ng COVID-19, dentista, botika, blood bank at blood drive (pangangalap ng dugo), kompanyang parmasyotiko at para sa biotechnology, iba pang pasilidad para sa healthcare, healthcare supplier, tagapagkaloob ng serbisyo para sa home health care, tagapagkaloob ng serbisyo para sa kalusugan ng isip, o anumang kaugnay at/o tagakaloob ng pansuportang serbisyo sa healthcare, nang walang limitasyon. Kasama rin sa "Healthcare Operations" ang pangangalaga ng beterinaryo at lahat ng iba pang serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan na ipinagkakaloob sa mga hayop. Bibigyan ng malawak na interpretasyon ang eksempsiyon na ito para sa Healthcare Operations, at nang maiwasan ang anumang sagabal sa paghahatid ng pangangalaga ng kalusugan na may malawak na depinisyon. Hindi kasama sa "Healthcare Operations" ang fitness at exercise gyms at katulad na mga pasilidad.

c. Para sa layunin ng Kautusang ito, puwedeng umalis ang mga indibidwal sa kani-kanilang tirahan upang magkaloob ng anumang serbisyo o gumampan ng anumang trabahong kinakailangan para sa pagpapatakbo at pagpapanatili sa maayos na kondisyon ng "Mahahalagang Imprastraktura (Essential Infrastructure)" kasama na ang mga airport, pampublikong serbisyo o utilities (kasama na ang tubig, imburnal, gas at koryente), oil refining o pagpoproseso sa langis, daan at highway, pampublikong transportasyon, pasilidad para sa basura (kasama na ang mga pasilidad para sa pangongolekta, pagtatanggal, pagtatapon, at pagpoproseso), sementeryo, mortuwaryo, krematoryo, at sistema para sa telekomunikasyon (kasama na ang pagbibigay ng mahahalagang pandaigdigan, pambansa, at lokal na imprastraktura para sa internet, serbisyo sa pagkokompyuter, imprastrakturang pangnegosyo, pakikipagkomunikasyon, at serbisyong nakabase sa internet).

d. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, hindi kasama sa Kautusang ito, batay sa kinabibilangang kategorya (categorically exempt), ang lahat ng first responder (unang tumutugon sa emergency), mga kawani para sa pamamahala ng emergency, dispatcher o nag-iiskedyul ng mga tumutugon sa emergency, kawani sa hukuman, kawani sa pagpapatupad ng batas, at iba pang nagtatrabaho para sa Mahahalagang Negosyo, o para suportahan ang mga ito, hanggang sa ginagampanan nila ang mahahalagang serbisyong ito. Dagdag dito, walang anumang nakasaad sa Kautusang ito ang nagbabawal sa indibidwal sa paggampan o pagkakaroon ng pamamaraang makakuha ng "Mahahalagang Gawain ng Gobyerno." Ang ibig sabihin ng "Mahahalagang Gawain ng Gobyerno" ay ang lahat ng serbisyong kinakailangan upang matiyak ang patuloy na pagpapatakbo sa mga ahensiya ng gobyerno at ang pagkakaloob ng mga serbisyo para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng publiko. Tutukuyin at itatalaga ng bawat entidad ng gobyerno ang naaangkop na mga empleyado, boluntaryo, o kontratista, upang patuloy na magkaloob at magsagawa ng anumang Mahahalagang Gawain ng Gobyerno, kasama na ang pag-eempleyo o pagpapanatili sa mga bagong empleyado o kontratista upang maipatupad ang gayong mga gawain. Kailangang magsagawa ang bawat entidad ng gobyerno at ang mga kontratista nito ng lahat ng kailangang mga pang-emergency at pamproteksiyon na hakbang upang mapigilan, mabawasan, at matugunan ang pandemyang COVID-19, at makabangon mula rito, at kailangang ipatupad ang lahat ng Mahahalagang Gawain ng Gobyerno nang alinsunod sa Mga Kailangang Gawin para sa Social Distancing, hanggang sa pinakamalaki nang posibleng magawa.

e. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, kasama sa "negosyo" ang anumang for-profit (para sa kita), non-profit, o pang-edukasyong entidad, ito man ay entidad na korporasyon, organisasyon, partnership (pag-aari ng dalawa o iba pang magkasosyo) o sole proprietorship (iisa ang may-ari), at anuman ang kalikasan ng serbisyo, gawaing ipinatutupad, o istraktura ng korporasyon o entidad.

f. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang "Mahahalagang Negosyo" ay ang:

   i. Healthcare Operations at negosyong nagpapatakbo, nagpapanatili sa maayos na kondisyon, o kumukumpuni sa Mahahalagang Imprastraktura;

   ii. Groseriya, sertipikadong farmers' market, farm and produce stands (tindahan ng mga produkto ng mga magsasaka), supermarket, food bank, convenience store, at iba pang establisamyentong kalahok sa pagbebenta ng hindi pa nalulutong pagkain, de-lata, dry goods (maramihang binibili tulad ng bigas at asukal), walang alkohol na inumin, sariwang prutas at gulay, pet supply, sariwang karne, isda at manok, pati na rin ng mga produkto para sa paglilinis ng katawan, at pangkabahayan na produktong pangkonsumer na kinakailangan para sa personal na kalinisan o para sa pagiging natitirhan, sanitasyon, at pagpapatakbo ng mga tirahan. Kasama sa mga negosyong sakop ng subparagraph o bahagi ng talata (ii) na ito ang mga establisamyentong nagtitinda ng mga produktong nasa maraming kategorya, basta't nagtitinda ang mga ito ng malaking bilang ng mahahalagang produkto na natukoy sa subparagraph na ito, tulad ng mga tindahan ng alak na nagtitinda rin ng malaking bilang ng pagkain;

   iii. Mga gawain upang magkaroon ng pagkain, kasama na ang pagsasaka, pag-aalaga ng hayop, at pangingisda;

   iv. Mga negosyong nagkakaloob ng pagkain, shelter o matutuluyan, at serbisyong panlipunan, at iba pang kinakailangan sa buhay para sa mga higit na dehado sa ekonomiya, o kung hindi man, ay mga indibidwal na marami ang pangangailangan;

   v. Konstruksiyon, pero para lamang sa mga uri na nakalista sa subparagraph na nasa ibaba:

      1. Mga proyektong kailangan na agad para sa pagpapanatili sa maayos na kondisyon, pagpapatakbo, o pagkukumpuni ng Mahahalagang Imprastraktura;

      2. Mga proyektong kaugnay ng Healthcare Operations, kasama na ang paglikha o pagpapalawak ng Healthcare Operations, basta't direktang kaugnay ang gayong konstruksiyon sa pagtugon sa COVID-19;

      3. Abot-kayang pabahay na may restriksiyon o magkakaroon ng restriksiyon sa kita, kasama na ang mga development na multi-unit (maraming unit) o mixed-use (may iba't ibang gamit), at naglalaman ng mga income-restricted (may restriksiyon sa kita) na unit na hindi bababa sa 10%;

4. Mga proyektong para sa pampublikong imprastraktura (public works) kung espesipikong itinalaga bilang Mahalagang Gawain ng Gobyerno ng City Administrator, nang may pakikipagkonsultasyon sa Health Officer;

5. Mga shelter at pansamantalang pabahay, pero hindi kasama ang mga hotel at motel;

6. Mga proyektong kinakailangan na agad upang magkaloob ng kritikal na serbisyong hindi pangkomersiyo sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan, matatanda, tao na dehado sa ekonomiya, at mga tao na may mga espesyal na pangangailangan;

7. Kinakailangang konstruksiyon upang matiyak na maiiwan sa ligtas at may seguridad na paraan ang mga naririyan nang lugar para sa konstruksiyon na kailangang isara sa ilalim ng Kautusang ito, pero hanggang sa kailangan lamang gawin; at

8. Kinakailangang konstruksiyon o pagkukumpuni upang matiyak na ligtas, may sanitasyon, o nagagamit ang mga tirahan at gusali na naglalaman ng Mahahalagang Negosyo, hanggang sa makatwirang hindi na puwedeng ipagpaliban pa ang gayong konstruksiyon o pagkukumpuni;

   vi. Mga diyaryo, telebisyon, radyo at iba pang serbisyo ng midya;

   vii. Mga estasyon ng gas at auto-supply, pagkukumpuni sa sasakyan (kasama na ang para sa mga kotse, trak, motorsiklo, at de-motor na scooter, pero hindi nalilimitahan sa mga ito), at nagbebenta ng sasakyan, pero para lamang sa layunin ng pagkakaloob ng auto-supply at serbisyo para sa pag-aayos ng mga sasakyan (at hindi, para sa pagbebenta ng kotse o paglilinis ng kotse, halimbawa). Hindi naglalagay ng restriksiyon ang subparagraph (vii) na ito sa on-line na pagbili ng mga sasakyan kung idedeliber ang mga ito sa tirahan o Mahalagang Negosyo;

   viii. Mga tindahan para sa pagkukumpuni ng bisikleta o supplies para sa bisikleta;

   ix. Mga bangko at kaugnay na mga pinansiyal na institusyon;

   x. Mga nagkakaloob ng serbisyo na para sa mga residensiyal na transaksiyon (kasama na ang pagpapaupa, kasunduan sa pag-upa o lease, at pagbebenta ng tahanan), kasama na ang mga ahente ng real estate, ahente para sa escrow (pansamantalang pangangalaga sa ari-arian habang ginagawang pinal ang kasunduan), notaryo, at kompanya para sa titulo, ngunit hindi nalilimitahan sa mga ito, basta't virtual (gamit ang kompyuter) lamang ang mga pakikipagkita at pagtingin sa mga residensiyal na gusali), o kung hindi puwede ang virtual na pagtingin, sa pakikipagkita lamang kung saan hindi lalampas sa dalawang bisita lamang ang naroroon sa iisang kabahayan o tinitirhang unit, at iisang indibidwal lamang ang nagpapakita sa unit (maliban na lamang sa hindi pagpapahintulot sa mga personal na pagbisita kung naroon pa sa tirahan ang naninirahan doon);

xi. Mga tindahan ng hardware;

xii. Mga tubero, electrician, exterminator o tagapuksa sa peste, at iba pang tagabigay ng serbisyo na nagkakaloob ng mga serbisyong kinakailangan upang mapanatili ang pagiging natitirhan, sanitasyon, at pagpapatakbo ng mga tirahan at Mahahalagang Negosyo, pero hindi para sa pagpapaganda o iba pang layunin;

xiii. Mga arborist o nangangalaga sa puno, landscaper o nagdidisenyo ng hardin o bakuran, at iba pang propesyonal na nagkakaloob ng katulad na serbisyo, pero para lamang sa limitadong hangganan na kinakailangan upang mapanatili ang pagiging natitirhan, sanitasyon, pagpapatakbo ng negosyo o tirahan, o para sa kaligtasan ng mga residente, empleyado, o publiko (tulad ng kaligtasan mula sa sunog o pagpuputol sa sanga ng puno para maiwasan ang mapanganib na kondisyon) at hindi para sa pagpapaganda o iba pang layunin (tulad ng pagpapanatili sa kondisyon).

xiv. Mga negosyong nagkakaloob ng mga serbisyo para sa pagpapadala sa pamamagitan ng koreo, tulad ng post office boxes;

xv. Mga pang-edukasyong institusyon -- kasama na ang mga pampubliko at pribadong K-12 na paaralan, kolehiyo, at unibersidad -- para sa layunin ng pagpapadaloy ng distance learning (uri ng pag-aaral na isinasagawa sa pamamagitan ng internet) o paggampan sa mahahalagang gawain, basta't pinananatili ang social distancing na anim na talampakan (feet) kada tao ang layo, hanggang sa pinakamalaki nang posibleng magawa;

xvi. Mga laundromat, drycleaner, at nagkakaloob ng mga serbisyo para sa laundry o paglalaba ng mga damit;

xvii. Mga restawran at iba pang pasilidad na naghahanda at nagsisilbi ng pagkain, pero para lamang sa pagdedeliber o pagte-take-out. Ang mga paaralan at iba pang entidad na karaniwan nang nagkakaloob ng mga serbisyo ng libreng pagkain sa mga estudyante o miyembro ng publiko ay puwedeng ipagpatuloy ito sa ilalim ng Kautusang ito, sa kondisyon na ipagkakaloob lamang ang pagkain sa mga estudyante o miyembro ng publiko para sa pagpi-pick up o pagte-take-out. Hindi dapat pahintulutan ng mga paaralan at iba pang entidad na nagkakaloob ng mga serbisyo sa pagkain sa ilalim ng eksempiyong ito na kainin ang pagkain sa lugar kung saan ito ipinagkakaloob, o sa anumang iba pang lugar para sa pagtitipon;

xviii. Mga nagkakaloob ng serbisyo sa punerarya, mortuwaryo, sementeryo, at krematoryo, hanggang sa kinakailangan para sa pagbibiyahe, preparasyon, o pagpoproseso ng mga bangkay o labi;

xix. Mga negosyong nagkakaloob sa iba pang Mahahalagang Negosyo ng suporta o supplies na kinakailangan para sa pagpapatakbo, pero hanggang sa pagsu-suporta o pagsu-supply lamang nila sa Mahahalagang Negosyo na ito. Hindi puwedeng gamitin ang eksempsiyong ito bilang batayan sa paglahok sa pagbebenta sa pangkalahatang publiko mula sa mga tindahan;

xx. Mga negosyong ang pangunahing gawain ay ang direktang pagpapadala sa pamamagitan ng koreo o ang pagdedeliver ng mga groseriya, pagkain, o iba pang produkto sa mga tirahan o negosyo. Hindi puwedeng gamitin ang eksempsiyong ito para pahintulutan ang paggawa o pag-a-assemble ng hindi mahahalagang produkto, o para sa iba pang gawain, bukod sa kinakailangan sa pagdedeliber;

xxi. Mga airline, taksi, kompanya para sa pagrerenta ng sasakyan, serbisyong rideshare (kasama na ang shared na bisikleta at scooter), at iba pang nagkakaloob ng pribadong transportasyon para sa mga serbisyo sa transportasyon na kailangan para sa Mahahalagang Aktibidad at iba pang layunin na malinaw na awtorisado ng Kautusang ito;

xxii. Pangangalagang nakabase sa tahanan (home-based care) para sa matatanda, nasa sapat na gulang, bata, at alagang hayop;

xxiii. Mga residensiyal na pasilidad at shelter para sa matatanda, nasa sapat na gulang (adult), at bata;

xxiv. Mga propesyonal na serbisyo, tulad ng mga serbisyo sa mga legal na usapin, pagnonotaryo, o pag-a-accounting, kung kinakailangan upang makatulong sa pagsunod sa mga gawain na legal na itinatakda at hindi napipili o elective na gawain.

xxv. Mga serbisyo upang matulungan ang mga indibidwal na makahanap ng mapagtatrabahuhan sa Mahahalagang Negosyo;

xxvi. Mga serbisyo sa paglilipat na para sa pagsasagawa ng residensiyal o komersiyal na paglilipat at pinahihintulutan sa ilalim ng Kautusang ito;

xxvii. Mga pasilidad para sa pangangalaga ng bata na nagkakaloob ng mga serbisyo upang makapagtrabaho, ayon sa pinahihintulutan, ang mga may-ari, empleyado, boluntaryo, at kontratista para sa Mahahalagang Negosyo o Mahahalagang Gawain ng Gobyerno. Hindi puwedeng maging kalahok sa mga pasilidad para sa pangangalaga ng bata ang mga anak ng may-ari, empleyado, boluntaryo, at kontratista na walang eksempsiyon sa ilalim ng Kautusang ito. Hanggang sa pinakamakakayanan, kailangang patakbuhin ang mga pasilidad para sa pangangalaga ng bata sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

1. Kailangang isagawa ang pangangalaga ng bata sa hindi nagbabago-bago o stable ng pangkat ng 12 o mas kaunti pa (nanganguhulugan ang "hindi nagbabago-bago o stable" na pagkakaparehong 12 o mas kaunti pang bata ang nasa parehong grupo araw-araw).

2. Hindi lilipat ang mga bata mula sa isang grupo tungo sa isa pang grupo.

3. Kung mahigit sa isang grupo ng mga bata ang pinangangalagaan sa isang pasilidad, dapat nasa magkakahiwalay na kuwarto ang bawat grupo. Hindi makikihalubilo ang mga grupo sa isa't isa.

4. Mananatili lamang sa iisang pangkat ng grupo ang mga tagabigay ng serbisyo sa pangangalaga ng bata.

g. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, nangangahulugan ang "Pinakakaunti nang Posibleng mga Batayang Operasyon" ng mga sumusunod na aktibidad para sa mga negosyo, basta't sumusunod ang mga may-ari, empleyado, at kontratista sa Mga Kinakailangang Gawin para sa Social Distancing, ayon sa pagbibigay-depinisyon sa Seksiyon na ito, hanggang sa pinakaposibleng magagawa, habang ipinatutupad ang gayong mga operasyon:

   i. Ang pinakakaunting kinakailangang aktibidad upang mapanatili at maprotektahan ang halaga ng imbentaryo at pasilidad ng negosyo; matiyak ang seguridad, kaligtasan at sanitasyon; maproseso ang suweldo at benepisyo ng mga empleyado; makapaghatid nang direkta sa naririyan nang imbentaryo sa mga tirahan o negosyo; at kaugnay na mga gawain; at

   ii. Ang pinakakaunting kinakailangang aktibidad upang maitulak ang patuloy na paggawa ng trabaho, nang mula sa ibang lugar o remote, ng mga may-ari, empleyado, at kontratista ng negosyo sa kani-kanilang tirahan, at upang matiyak na makapaghahatid ang negosyo ng serbisyo nito mula sa ibang lugar.

h. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, kailangang maghanda at magpaskil, nang hindi lalampas sa 11:59 p.m. sa Abril 2, 2020, ang lahat ng Mahahalagang Negosyo ng "Mga Dapat Sundin sa Social Distancing (Social Distancing Protocol) para sa bawat isa sa kanilang mga pasilidad sa County na madalas puntahan ng publiko o mga empleyado. Kailangang nasa form na nakakabit sa Kautusang ito ang malaking bahagi ng Mga Dapat Sundin sa Social Distancing, bilang Appendix A. Kailangan ding nakapaskil ang Mga Dapat Sundin sa Social Distancing sa pasukan ng naaangkop na pasilidad, o malapit sa pasukan nito, at kailangang madali itong makita ng publiko at ng mga empleyado. Kailangan ding bigyan ng Mga Dapat Sundin sa Social Distancing ang bawat empleyadong gumagampan ng trabaho sa pasilidad. Dapat ipatupad ng lahat ng Mahahalagang Negosyo ang Mga Dapat Sundin sa Social Distancing at magkaloob ng ebidensiya ng pagpapatupad nito sa anumang awtoridad na nagtitiyak ng pagsunod ng Kautusang ito, kapag hiniling na magbigay nito. Dapat maipaliwanag ng Mga Dapat Sundin sa Social Distancing kung paano nagagawa ng negosyo ang mga sumusunod, ayon sa naaangkop:

   i. Ang paglilimita sa bilang ng tao na puwedeng pumasok sa pasilidad sa ano mang takdang panahon, upang matiyak na madaling mapananatili ng mga tao sa pasilidad ang minimum (pinakamaiksi nang pinahihintulutan) na anim na talampakan na distansiya mula sa isa't isa sa lahat ng panahon, maliban na lamang kung kinakailangan upang makompleto ang aktibidad ng Mahalagang Negosyo;

   ii. Sa mga lugar kung saan puwedeng luminya sa pasilidad, ang pagmamarka ng minimum na tig-aanim na talampakan na distansiya, na nagtatakda kung saan dapat tumayo ang mga indibidwal upang mapanatili ang sapat na social distancing;

   iii. Ang pagkakaloob ng hand sanitizer, sabon, at tubig, o epektibong disinfectant (nagtatanggal sa mikrobyo) sa pasukan ng pasilidad, o malapit sa pasukan, at sa iba pang naaangkop na lugar na ginagamit ng publiko at mga empleyado, at sa mga lugar kung saan madalas ang interaksiyon ng empleyado sa mga miyembro ng publiko (halimbawa, sa mga kahero/a):

iv. Ang pagkakaloob ng contactless payment system (sistema ng pagbabayad na walang kontak), o kung hindi posibleng magawa ito, ang pagdi-disinfect o pagtatanggal ng mikrobyo sa lahat ng pasukan ng bayad, bolpen, at stylus matapos ang bawat gamit.

v. Regular na pagdi-disinfect ng iba pang muwebles, kagamitan, o lugar na madalas hawakan;

vi. Ang pagpapaskil ng karatula sa pasukan ng pasilidad na nagbibigay-impormasyon sa lahat ng empleyado at kostumer na dapat silang: umiwas sa pagpasok sa pasilidad kung may ubo o lagnat; magpanatili ng minimum na anim na talampakang na distansiya mula sa isa't isa; humatsing at umubo sa sariling siko; at huwag makipagkamay o magsagawa ng anumang hindi kinakailangang pisikal na kontak; at

vii. Anumang karagdagang hakbang sa social distancing na ipinatutupad (tingnan ang gabay ng Centers for Disease Control and Prevention na nasa: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/guidance- business-response.html).

i. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, nangangahulugan ang "Mahahalagang Pagbibiyahe" ng pagbibiyahe para sa alinman sa mga sumusunod na layunin:

i. Pagbibiyahe para sa pagkakaloob ng, o pagkakaroon ng pamamaraang makakuha ng, Mahahalagang Aktibidad , Mahahalagang Gawain ng Gobyerno, Mahahalagang Negosyo, o Pinakakaunti nang Posibleng mga Batayang Operasyon;

ii. Pagbibiyahe para sa pangangalaga ng matatanda, menor de edad, dependent o umaasa sa iba, o tao na may kapansanan;

iii. Pagbibiyahe papunta sa, o mula sa, pang-edukasyong institusyon para sa mga layunin ng pagtanggap ng mga materyales para sa distance learning, para sa pagtanggap ng pagkain, at anumang iba pang kaugnay na serbisyo;

iv. Pagbibiyahe para makauwi sa tirahan na nasa labas ng County;

v. Pagbibiyahe na itinatakda ng tagapagpatupad ng batas o kautusan ng hukuman;

vi. Pagbibiyahe na itinatakda sa mga hindi residente na umuwi sa kanilang tirahan sa labas ng County; Mahigpit na hinihikayat sa mga indibidwal na tiyak na nananatiling mayroong makukuhang transportasyon palabas ng County, at gumagana ito, bago pa simulan ang gayong pagbibiyahe;

vii. Pagbibiyahe upang mapamahalaan ang mga dapat aregluhin matapos ang pagkamatay ng tao, at ang pagpapalibing;

viii. Pagbibiyahe upang magsaayos ng matutuluyan o upang maiwasan ang kawalan ng tahanan;

ix. Pagbibiyahe upang maiwasan ang karahasan sa tahanan o pang-aabuso sa bata;

x. Pagbibiyahe para sa mga kasunduan sa pagkakaroon ng kustodiya ng magulang;

xi. Pagbibiyahe sa lugar upang pansamantalang tumira sa matutuluyan o iba pang pasilidad, at nang maiwasan ang posibilidad na malantad ang iba pa sa COVID-19, tulad ng hotel o iba pang pasilidad na ipinagkakaloob ng may-awtoridad ng gobyerno para sa gayong layunin.

j. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, kasama sa mga "matutuluyan (residences)" ang mga hotel, motel, shared o ginagamit ng iba pang indibidwal o pamilya na inuupahang unit, at katulad na mga pasilidad. Kasama rin sa mga matutuluyan o residence ang mga istrakturang matitirhan at espasyo sa labas ng gusali na kaugnay ng gayong mga istrakturang matitirhan, tulad ng patio, porch, bakuran, at harapan ng bahay, na nagagamit lamang ng iisang pamilya o unit ng kabahayan.

k. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, nangangahulugan ang "Mga Kinakailangang Gawin para sa Social Distancing" ng:

i. Pagpapanatili ng hindi iiksi sa anim na talampakan na pisikal na distansiya mula sa mga indibidwal na hindi bahagi ng iisang kabahayan o unit na tinitirhan.

ii. Madalas na paghuhugas ng kamay, gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo, o paggamit ng hand sanitizer na kinikilala ng Centers for Disease Control and Prevention bilang epektibo sa paglaban sa COVID-19.

iii. Pagtatakip ng mga ubo at paghatsing gamit ang tisyu o tela, o kung hindi ito posible, sa manggas o siko (pero hindi sa mga kamay); at

iv. Pag-iwas sa lahat ng pakikihalubilo sa lipunan sa labas ng kabahayan kapag may sakit na lagnat o ubo.

Kailangang mahigpit na sumunod ang lahat ng indibidwal sa Mga Dapat Sundin sa Social Distancing, maliban na lamang sa limitadong hangganan na kailangan upang magkaloob ng pangangalaga (kasama na ang pangangalaga sa bata, pangangalaga sa nasa sapat na gulang o matatanda, pangangalaga sa mga indibidwal na may mga espesyal na pangangailangan, at pangangalaga sa pasyente); batay sa kinakailangan upang maisagawa ang trabaho ng Mahahalagang Negosyo, Mahahalagang Gawain ng Gobyerno, o upang makapagkaloob para sa Pinakakaunti nang Posibleng mga Batayang Operasyon; o kung hindi man, ayon sa malinaw na nakasaad sa Kautusang ito.

14. Kailangang gumawa ng mga naaangkop na hakbang ang mga ahensiya ng gobyerno at iba pang entidad na nagpapatakbo sa mga shelter at iba pang pasilidad na tinutuluyan, o nagkakaloob ng pagkain o iba pang pangangailangan sa buhay sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan, at nang makatulong sa pagtiyak ng pagsunod sa Mga Dapat Gawin para sa Social Distancing, kasama na ang sapat na pagkakaloob ng hand sanitizer. Bukod rito, kailangang sumunod ang mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan at walang tinutuluyan at nakatira sa mga kampuhan, sa 12 talampakan at 12 talampakan (12 x 12 feet) na pagdidistansiya para sa pagsasapuwesto ng mga tent, hanggang sa pinakaposibleng magawa ito, at kailangang magkaloob ang mga ahensiya ng gobyerno ng mga banyo at pasilidad para sa paghuhugas ng kamay para sa mga indibidwal na nasa gayong mga kampuhan, ayon sa itinatakda ng

Pansamantalang Gabay para sa Pagtugon sa Coronavirus 2019 (COVID-19) sa Piling ng mga Tao na Walang Matuluyan Habang Nakararanas ng Kawalan ng Tahanan (Interim Guidance Responding to Coronavirus 2019 [COVID-19] Among People Experiencing Unsheltered Homelessness) ng Centers for Disease Control and Prevention (https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/need-extra-precautions/unsheltered-homelessness.html).

15. Alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno, mga seksiyon 26602 at 41601 at ng Kodigo para sa Kalusugan at Kaligtasan seksiyon 101029, hinihiling ng Health Officer sa Sheriff (Punong Opisyal sa Pagpapatupad ng Batas) at sa Chief of Police (Hepe ng Pulisya) na tiyakin ang pagsunod, sa Kautusang ito, at ipatupad ito. Ituturing ang kabiguang sumunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito bilang napipintong banta at panganib sa pampublikong kalusugan, pagiging panggulo sa publiko o public nuisance, at posibleng maparusahan sa pamamagitan ng pagmumulta, pagkakakulong, o ng dalawang ito.

16. Magkakaroon ng bisa ang Kautusang ito sa 11:59 p.m. sa Marso 31, 2020, at patuloy na magkakaroon ng bisa hanggang 11:59 p.m. sa Mayo 3, 2020, o hanggang sa pahabain, bawiin, palitan, o nakasulat na amyendahan ng Health Officer.

17. Binabago at pinapalitan ng Kautusang ito ang Kautusan Bilang C19-07, na inilabas noong Marso 16, 2020, at may bisa pa nang 11:59 p.m. a Marso 31, 2020. Pinahahaba rin ng Kautusang ito ang mga Kautusan Blg. C19-01b (pagbabawal sa bisita sa Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center at Unit 4A ng Zuckerberg San Francisco General Hospital), C19-03 (pagbabawal sa bisita sa mga espespikong residensiyal na pasilidad), C19-04 (pagtatakda ng mga pamantayan sa paglilinis sa residensiyal na hotel), C19-06 (pagbabawal sa bisita sa general acute care hospitals o ospital para sa pangkalahatang pangangalaga na pangmaiksing panahon at saykayatrikong ospital na para sa pangmaiksing panahon), C19-08-08 (pagbabawal sa karamihan sa mga karaniwang pakikipagkita at elective surgery o abanteng nakaplano o hindi pang-emergency na operasyon, at paghihikayat ng pagdedeliber ng iniresetang gamot at produktong cannabis), C19-09 (pagbabawal sa mga bisita sa mga pasilidad para sa residensiyal na pangangalaga sa matatanda, mga residensiyal na pasilidad para sa nasa sapat na gulang, at residensiyal na pasilidad sa may karamdamang hindi gumagaling), C19-10 (nagtatakda ng pagre-report ng mga laboratoryo ng impormasyon ukol sa COVID-19 testing), at C19-11 (paglalagay sa Laguna Honda Hospital at Rehabilitation Center sa ilalim ng protektbong pagkakakuwarantenas) hanggang sa 11:59 p.m. sa Mayo 3, 2020, nang nananatiling ipinatutupad ang mga nakalistang kautusang ito, kung hindi man mababago. Hindi ipinagbabawal ng kautusang ito ang hiwa-hiwalay na pag-amyenda sa mga kautusang ito.

18. Kailangang agad na magbigay ang County ng kopya ng Kautusang ito ayon sa mga sumusunod: (1) sa pamamagitan ng pagpapaskil sa website ng City Administrator (www.sfgsa.org) at sa website ng Department of Public Health (www.sfdph.org); (2) sa pamamagitan ng pagpapaskil sa City Hall, na matatagpuan sa 1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl., San Francisco, CA 94102; at (3) sa pagkakaloob sa sinumang miyembro ng publko na humihiling ng kopya. Bukod rito, mahigpit na hinihikayat ang mga may-ari, tagapamahala, o tagapagpatakbo (operator) ng anumang pasilidad na malamang na maapektuhan ng Kautusang ito, na magpaskil ng kopya ng Kautusang to sa lugar, at magkaloob ng kopya sa sinumang miyembro ng publko na humihiling ng kopya.

19. **Kapag ipinawalang-bisa ang anumang probisyon ng Kautusang ito, o ang pagpapatupad nito sa sinumang tao, o sitwasyon, hindi maaapektuhan ang natitirang bahagi ng Kautusan, kasama na ang pagpapatupad ng gayong bahagi o probisyon sa ibang tao o sitwasyon, at ipagpapatuloy ito nang buong lakas at buo rin ang epekto. Tungo rito, napaghihiwa-hiwalay ang mga probisyon ng Kautusang ito.**

IYAN ANG AKING KAUTUSAN:

Tomás J. Aragón, MD, DrPH,
Health Officer ng
Lungsod at County ng San Francisco

May Petsang: Marso 31, 2020

Mga Kalakip: Appendix (Mga Karagdagan) A -- Mga Dapat Sundin sa Social Distancing (pisikal na paglalayo sa iba upang maiwasan ang pagkakahawa sa sakit) o Social Distancing Protocol

Appendix (Karagdagan) A: Mga Dapat Sundin sa Social Distancing (pisikal na paglalayo sa iba upang maiwasan ang pagkakahawa sa sakit) o Social Distancing Protocol

Pangalan ng negosyo:

Address ng Pasilidad:

Humigit-kumulang na kabuuang kuwadradong talampakan o square footage ng espasyo na bukas sa publiko:

Kailangang ipatupad ng mga negosyo ang lahat ng naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba, at kailangang handa silang ipaliwanag kung bakit hindi naaangkop sa negosyo ang anumang hakbang na hindi ipinatutupad.

Pagpapaskil ng Karatula:

☐ Ang pagpapaskil ng karatula sa pasukan ng pasilidad na nagbibigay-impormasyon sa lahat ng empleyado at kostumer na dapat silang: umiwas sa pagpasok sa pasilidad kung may ubo o lagnat; magpanatili ng minimum na anim na talampakan (feet) na distansiya mula sa isa't isa; humatsing at umubo sa tela o tisyu, o kung walang magamit, sa sariling siko; at huwag makipagkamay o magsagawa ng anumang hindi kinakailangang pisikal na kontak.

☐ Karatula ukol sa pagpapaskil ng kopya ng Mga Dapat Sundin sa Social Distancing sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad.

Mga Hakbang upang Maprotektahan ang Kalusugan ng Empleyado (itsek ang lahat ng naaangkop sa pasilidad):

☐ Nabigyan na ng direktiba ang lahat ng empleyadong puwedeng magampanan ang kanilang mga gawain sa trabaho sa bahay na gawin ito.

☐ Nasabihan na ang lahat ng empleyado na huwag pumasok sa trabaho kung may sakit.

☐ Nagsasagawa na ng pagtingin sa mga sintomas bago pumasok sa espasyo ng trabaho ang mga empleyado.

☐ Nakahiwalay na nang hindi bababa sa anim na talampakan ang lahat ng mesa o pang-indibidwal na estasyon ng trabaho.

☐ Madalas na dini-disinfect o tinatanggalan ng mikrobyo ang mga break room (pahingahang kuwarto), banyo, at iba pang lugar na ginagamit ng lahat, ayon sa sumusunod na iskedyul:

☐ Mga break room (pahingahang kuwarto):
☐ Banyo
☐ Iba pa ( ):

☐ May magagamit na disinfectant (pantanggal ng mikrobyo) at kaugnay na supplies ang lahat ng empleyado sa sumusunod na (mga) lugar:

☐ May magagamit na hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ang lahat ng empleyado sa sumusunod na (mga) lugar:

☐ May magagamit na sabon at tubig ang lahat ng empleyado sa sumusunod na (mga) lugar:

☐ Naipamahagi na ang mga kopya ng Mga Dapat Sundin (Protocol) na ito sa lahat ng empleyado.

☐ Opsiyonal -- Ilarawan ang iba pang hakbang:

Mga Hakbang upang Maiwasan na Magtipon-tipon ang Maramng Tao (itsek ang lahat ng naaangkop sa pasilidad):

☐ Limitahan ang bilang ng mga kostumer sa tindahan sa anumang takdang panahon sa (ilagay ang numero) _____, na nagpapahintulot sa mga kostumer at empleyado na madaling panatilihin ang hindi bababa sa anim na talampakan na distansiya mula sa isa't isa sa lahat ng panahon na makakayang gawin ito.

☐ Magtalaga ng empleyado sa pintuan upang matiyak na hindi lalampas sa maximum (pinakamarami nang pinahihintulutan) na bilang ang mga kostumer sa pasilidad, ayon sa nakasaad sa itaas.

☐ Maglagay ng mga limitasyon kada tao sa mga ibinebenta na mabilis na nauubos, upang mabawasan ang pagsisiksikan at mga linya. Ipaliwanag:

Appendix (Karagdagan) A: Mga Dapat Sundin sa Social Distancing (pisikal na paglalayo sa iba upang maiwasan ang pagkakahawa sa sakit) o Social Distancing Protocol

☐ Opsiyonal -- Ilarawan ang iba pang hakbang:

Mga Hakbang Upang Panatilihing Hindi Bababa sa Anim na Talampakan o Feet ang Layo ng mga Tao sa Isa't Isa (itsek ang lahat ng naaangkop sa pasilidad)

☐ Maglagay ng mga karatula sa labas ng tindahan upang ipaalala sa mga tao na kalangang anim na talampakan ang layo nila sa isa't isa, kasama na ang layo kapag nasa linya.
☐ Paglalagay ng tape o iba pang pananda na hindi bababa sa anim na talampakan ang layo sa mga lugar kung saan lumilinya ang mga kostumer sa loob ng tindahan, at sa mga bangketa sa pasukan ng publiko, at samahan ito ng mga karatula na nagbibigay ng direksyon sa kostumer na gamitin ang mga pananda para mapanatili ang distansiya.
☐ Ihiwalay ang lugar para sa pag-oorder sa lugar para sa pagdedeliber at nang maiwasan ang pagtitipon-tipon ng kostumer.
☐ Nabigyan na ang lahat ng empleyado ng instruksiyon na panatilihin ang hindi bababa sa anim na talampakan na distansiya mula sa kostumer at sa isa't isa, maliban na lamang kung pansamantalang lalapit ang empleyado kung kinakailangan upang tumanggap ng bayad, magdeliber ng ibinebenta o serbisyo, o kung hindi man, kung kinakailangan ito.
☐ Opsiyonal -- Ilarawan ang iba pang hakbang:

Mga Hakbang upang Maiwasan ang Hindi Kinakailangang Kontak (itsek ang lahat ng naaangkop sa pasilidad):

☐ Pag-iwas sa mga tao sa pagsisilbi sa sarili (self-serving) ng anumang bagay na may kaugnayan sa pagkain.
- ☐ Ipagkakaloob ng mga kawani ang mga takip sa tasa o baso at anumang bagay na pang-food-bar; hindi ito para basta na lamang kunin ng kostumer.
- ☐ Hindi na puwede ang mga food bin (imbakan ng pagkain) para sa maramihang pagbili o bulk items, para sila mismo ang kumuha mula sa mga ito.

☐ Hindi na pahihintulutan ang mga kostumer na magdala ng sarili nilang mga bag, mug, o iba pang muling nagagamit na bagay mula sa bahay.
☐ Pagkakaloob ng contactless payment system o kung hindi ito posible, regular na pagtatanggal ng mikrobyo sa mga sistema ng pagbabayad. Ilarawan:
☐ Opsiyonal -- Ilarawan ang iba pang hakbang (halimbawa, pagkakaloob ng mga oras na para lamang sa matatanda):

Mga Hakbang upang lalo pang Mapahusay ang Sanitasyon (itsek ang lahat ng naaangkop sa pasilidad):

☐ May makukuhang disinfecting wipes (pamunas na pantanggal ng mikrobyo) na epektibo laban sa COVID-19, malapit sa mga shopping cart at shopping basket.
☐ (Mga) Empleyadong nakatalaga upang regular na magtanggal ng mikrobyo sa mga cart at basket.
☐ May magagamit na hand sanitizer, sabon, at tubig, o epektibong disinfectant ang publiko sa pasukan ng pasilidad, o malapit sa pasukan, sa mga checkout counter, at kung saan mang iba pang lugar sa loob ng tindahan, o agad-agad sa labas kung saan may direktang interaksiyon ang mga tao.
☐ Pagtatanggal ng mikrobyo mula sa lahat ng pasukan ng bayad, bolpen, st stylus, matapos ang bawat paggamit.
☐ Madalas na pagtatanggal ng mikrobyo sa lahat ng muwebles, kagamitan, at lugar na madalas hawakan ng tao.
☐ Opsiyonal -- Ilarawan ang iba pang hakbang:
*Kailangang lista sa hiwalay na mga pahina ang anumang karagdagang hakbang na hindi kasama rito, at kailangang ilakip ang mga ito ng negosyo sa dokumentong ito.

Puwede ninyong kontakin ang sumusunod na tao para sa anumang tanong o komento tungkol sa mga dapat sundin o protocol na ito:
Pangalan: **Numero ng Telepono:**

Appendix (Karagdagan) A: Mga Dapat Sundin sa Social Distancing (pisikal na paglalayo sa iba upang maiwasan ang pagkakahawa sa sakit) o Social Distancing Protocol

Tandaan: May makukuhang bersiyon ng dokumentong ito kung saan nasasagutan ang form (form-fillable) online sa www.sfdph.orgo sa www.sfgsa.org

1.